**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL E

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Natutunan mo sa nakaraang modyul ang tungkol sa kakayahan ng wika na ilarawan ang pananaw-mundo ng kultura. Mababakas sa wika ang mga katangian at pagpapahalaga ng kulturang pinagmulan nito. Sa modyul na ito matutunan mo kung paano nakaaapekto ang iba't ibang usaping panlipunan sa wika.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul E, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng iba't ibang usaping panlipunan na nakaaapekto sa pagpapakahulugan sa wika;

2. Makapagbabalangkas ng mga manipestasyon at halimbawa sa wika ng mga usaping panlipunan;

3. Makasusuri sa masalimuot na ugnayan ng wika at usaping panlipunan.

## Wika at Kasarian

Ang kasarian ay isa sa mga mahalagang usaping panlipunan na nakaaapekto sa wika. Sa wika binubuo at binubuwag ang pagtingin at pagturing sa iba't ibang kasarian lipunan. May mahalagang papel ang wika sa representasyon ng kasarian.

| **Gabay sa Talakayan sa Klase:** |
|---|
| 1. Basahin mo ang Modyul 4 - WIKA AT USAPING PANLIPUNAN.<br>2. Basahin din ang mga sanaysay na "Wika, Kasarian, at Sekswalidad" ni Lilia Quindoza-Santiago at "Ang Pagiging Lalaki, Pagkalalaki, at Pagkamaginoo" ni Leonardo de Castro sa Modyul 4 – WIKA AT USAPING PANLIPUNAN |

3. Batay sa mga babasahin sa Modyul 4, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Ano-anong mga salita sa wikang Filipino ang nagpapakita ng representasyon ng kasarian?
   b. Ano-ano ang mga nabuong representasyon tungkol sa kasarian?

4. Basahin mo ang mga sumusunod na tula:
   a. *Ang Maging Babae* – R. Mabanglo
   b. *Ang Pagiging Babae* – L. Santiago
   c. *Bago ang Babae* – R. Anonuevo
   d. *He who sleeps on my lap* – R. Baytan
   e. *Oath* – R. Baytan
   f. *Notes on Pain* – A. Santos
   g. *Sa Katipang Babae* – M. Caampued

5. Pagkatapos basahin angmga tula, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Paano mo nabubuo ang imahen ng kasarian sa mga tula?
   b. Pinatitibay ba ng mga tula ang istiryotipo sa mga kasarian? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Ang mga representasyon ng kasarian sa wika ay naglandas sa iba't ibang teksto at likhang sining. Sa mga tulang Peminista, nilalantad ang mga istiryotipo sa paglalarawan sa kababaihan sa wika. Hinahamon ng mga tulang ito ang inaasahang imahen at tungkulin ng kababaihan sa lipunan. Gayundin makikita sa mga tulang Bakla at Lesbiyana ang pagsasalarawan ng karanasan at realidad ng pagiging bakla at lesbiyana sa lipunan.

**Gabay sa Assignment:**

1. Hanapin at pakinggan ang mga awiting *Titibo-Tibo* ni Moira dela Torre at/o *Gayuma* ni Abra. Suriin kung paano binubuo ang konsepto ng kasarian sa pamamagitan ng mga awit.

2. Maghanap ng isang awit na OPM na sumususog o kaya'y kumukontra sa konsepto ng kasarian na nabuo sa alinman sa mga awit na nasa #1. Suriin din kung paano binubuo ang konsepto ng kasarian sa pamamagitan ng awit.

3. Sumulat ng <u>analitikal na papel</u> tungkol sa paksa sa itaas. Maaring gumamit ng iba pang sanaysay o sanggunian na magpapatibay sa iyong pagsusuri. Kailangang banggitin ang sanggunian. APA ang format na gagamitin sa citation.

4. Isulat mo ang iyong mga sagot sa anyo ng maikling sanaysay na may 1000 salita (max). Hindi kasama sa bilang ng salita ang sipi ng mga awit. Maglagay ng word count sa huling pahina ng sanaysay.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| |
|---|
| 5. Mag-log in at i-upload ang file ng inyong sanaysay sa VLE course ng ating klase. |
| **Format**: Arial Font, size 12, justified text, double spaced, pdf format |
| **Rubrik ng Pagpupuntos (10pts):** |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:**<br>Obserbasyon ng batayang format 2pts<br>Angkop na pagsisipi ng mga awit 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng sanaysay:**<br>Mainam na pagtatasa at pagtalakay sa paksa 2pts<br>Mahusay na pag-uugnay ng mga babasahin 1pt<br>Mainam na paghahambing/pagtatambis ng mga awit 2pts<br>Malinaw at mahusay na paggamit ng wika 2pts |

Pangwakas

Tinalakay sa modyul na ito ang kapangyarihan ng wika na buuin ang representasyon ng iba't ibang kasarian sa lipunan. Sa pamamagitan ng wika, nalalantad ang mga istiryotipikal at patriyarkal na nosyon ng mga kasarian sa Pilipinas. Sa pamamagitan din ng wika, nagigiba ang mga representasyong ito para magbigay daan sa mas bukas at mapagpalayang pagkilala at pagpapakahulugan.

Mga Sanggunian:


Modyul 4 - WIKA AT USAPING PANLIPUNAN
https://vle.upm.edu.ph/course/view.php?id=494#section-2

Peregrino, J. "Wika at Relihiyon." Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N., at Petras, J., mga editor. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 2012. https://vle.upm.edu.ph/course/view.php?id=1113


JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)